HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. V No. 29 June 21-27,2021 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034



**Vice Mayor Ony Cantimbuhan**
*Imus City, Cavite*

# NCR PLUS REMAIN UNDER GCQ UNTIL JUNE 30

MANILA – The National Capital Region (NCR) Plus, composed of Metro Manila, Bulacan, Rizal, Laguna, and Cavite, will remain under general community quarantine (GCQ) until the end of June, President Rodrigo Duterte announced on Monday.


In his weekly Talk to the People, Duterte said Metro Manila and Bulacan would be placed under GCQ "with some restrictions" while Rizal, Laguna, and Cavite will be under GCQ "with heightened restrictions" from June 16 to June 30, 2021.

Duterte said the following areas are also under GCQ: Baguio **(cont. P.5)**

## BAGONG SERVICE VEHICLES, NATANGGAP NA NG IMUS COVID-19 TASK FORCE

Natanggap na ng Imus CDRRMO, vaccination team, swab team, isolation facility, City Health Office, at Ospital ng Imus ang bagong service vehicles ng kanilang mga ahensya para sa pagpapaunlad ng COVID-19 response ng lungsod.

Sa turnover ceremony ng mga bagong sasakyan, ibinahagi ni Mayor Emmanuel Maliksi ang layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na matulungan ang frontliners ng lungsod sa patuloy na pagtugon sa mga hamon ng pandemya.



City Government of Imus

# Cayetano, muling namahagi ng cash aid para sa 10k Ayuda BILL

Sa pagpapatuloy ng matagumpay na kampanya para sa "Sampung Libong Pag-Asa", namahagi si dating Speaker Alan Peter Cayetano ng P10,000 ayuda bawat isa sa 500 benepisyaryo sa probinsya ng Cavite noong Biyernes, Hunyo 11, upang ipakita kung paano makatutulong ang direktang ayuda sa pagbangon ng pamilyang Pilipino sa panahon ng pandemya.

Ang "Sampung Libong Pag-asa" ay bahagi ng adbokasiya ni Cayetano at ng kanyang economic recovery plan upang mabigyan ang pamilyang Pilipino ng tulong na salapi na maaari nilang gamitin






pambili ng kanilang mga pangunahing pangangailangan at muling buhayin ang kanilang mga negosyo.

Ang pre-show livestream na pinamagatang Ayuda Bayanihan Caravan ay nagsimula ng 1:00 ng hapon, habang ang main show ay ipinalabas nang live sa ganap ng 1:30 ng hapon sa opisyal na Facebook page ni Cayetano.

Nakasama ni Cayetano sila Cavite 1st District Representative Francis Gerald Abaya, Cavite 3rd District Representative Alex Advincula, Cavite 6th District Rep- **(cont. P.5)**

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com






*Sa halos isa't kalahating taong may Covid-19 sa ating paligid, nakaranas din tayo ng sunog, bagyo, lindol at noong nakaraang taon ay pumutok pa ang bulkang Taal. Sa kabila ng lahat ng ito, nananatiling handa ang ating City Disaster Risk Reduction Management Council para mapanatili ang seguridad ng bawat pamilyang Bacooreño mula sa anumang peligro o trahedya.*

*Sabi ni Mayor Lani Mercado Revilla, "Kaya naman, ang araw na ito ay makabuluhan para sa ating lungsod at para sa ating mga kababayan. We will be advancing our services to the next level. Sa pamamagitan ng ating Loan Agreement with Landbank, maisasakatuparan na ang ating proyektong magkaroon ng mas malaki, mas makabago, at mas advanced na building para sa ating BDRRMO."*

*"Bilang bahagi ng ating pagdiriwang ng ating 9th Cityhood Anniversary, isa na namang makasaysayang pangyayari ang naganap ngayong araw na ito at simula ngayon ay asahan nating uusad na ang pagpapatayo ng ating bagong Disaster Resiliency Building. Congratulations everyone! Maraming salamat Landbank for partnering with us. Ito ay patunay na ating ipagpapatuloy ang pangangalaga sa bawat pamilyang Bacooreño tungo sa isang LIGTAS NA LUNGSOD. We will RECOVER as ONE! Basta sama-sama, tulong-tulong, LOVE MY BACOOR!"*



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

# Tuwa

1) Ang tuwa ay galak sa mahinang tawa,
Kapag ang babae ay isang dalaga,
Ang tuwa'y halakhak kapag naging ina,
Nagiging bunghalit kapag naging lola.

2) Ang tuwa ay ngiti ng isang dalaga,
Dalagang mahinhin ngiti lang talaga,
Subali't bihirang ganoon ang porma,
Kapag naging ina't saka naging lola.

3) Kapag natutuwa't pigil sa paghayag,
Ang galak sa loob hindi mailabas,
Pigil ang hininga't yugyog ang balikat,
Sa huli ang galak biglang nabulalas.

4) Ang tuwa'y may likhang endorphin sa utak,
Pampigil sa kirot nating nalalasap,
Ang naunang danas kung tamis at sarap,
Kapag naalala'y dulot din ang galak.

5) Tayo'y natutuwa sa gandang resulta,
Tayo'y nagagalak at di nadisgrasya,
Tayo'y natutuwa't tayo'y nakapasa,
Tuwa dahil sakit ay nawawala na.

6) Tayo'y nagagalak kapag nakaraos,
Mahabang pagsubok ay ating natapos,
At sa balik-tanaw tuwa yaong dulot,
Ang dating tumimo ay biglang nabunot.

7) Sa ating pagtanda tayo'y nagagalak
Kapag naitawid ang lahat ng anak,
Masarap pagmasdan ang naiwang landas
Kung sa dulo'y tama ang resultang hawak.

8) Ang tuwa'y pabuya ng ating Lumalang,
Kasamang natanim nang tayo'y isilang,
Ang marapat lamang kung nais makamtan,
Gumawa ng buti't magsikap sa gampan.

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZERY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**DR. SONNY ANARNA**
MANAGING EDITOR

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCEOF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

PAPER.Ph
Est. 2019

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00






*Humigit kumulang 250 mga residente sa Sunny Brooke II, Barangay San Francisco ang nakikinabang sa Community Pantry ng lungsod ng General Trias kung saan pinagkalooban sila ng pagkain na maaaring maiuwi sa kanilang pamilya.*

*Ang proyekto ay naisakatuparan sa pamamagitan ng pagsisikap ng lokal na pamahalaan ng lungsod na pinamumunuan ni Mayor Ony Ferrer kasama si Kagawad Jonas Labuguen na may koordinasyon mula sa tanggapan ni Cong. Jonjon Ferrer.*




*Nitong Lunes ay nakatanggap ng Hygiene Kits ang mga empleyado ng Lokal na Pamahalaan ng General Mariano Alvarez (GMA) mula kay Congresswoman Dahlia Loyola. Ang mga naturang kits na ipinamahagi ay naglalaman ng alcohol, facemasks, face shield, vitamin C, at pagkain bilang karagdagang proteksyon ng mga kawani mula sa sakit na COVID-19. Nagpaabot naman ng pasasalamat ang LGU sa tanggapan ni Cong. Loyola sa mga ipinamigay nito.*

# 24/7 Libreng Paanakan sa Trece Martires, Cavite







Itinampok nitong Lunes, Hunyo 14, 2021 ni Mayor Gemma Lubigan ang libreng paanakan sa kanilang lungsod na naglalayon na matulungan ang mga mamamayan nitong buntis ngayong panahon ng pandemya.

Nakapwesto ang nasabing paanakan sa City Health Office ng Trece Martires at ito ay 24/7 bukas. “Malusog na baby, Dahil sa maayos na pagbubuntis ni Mommy” pahayag ni Mayor Gemma Lubigan.

“Nais ko lamang pong ipaalam sa inyo na meron po tayong BIRTHING HOME sa ating Lungsod. Ito po ay para sa libreng konsultasyon at libreng paanakan.” dagdag nito.

SINO PO ANG SAKOP NG PROGRAMANG ITO?

BASTA IKAW AY:


• Edad 20 hanggang 34
• Pangalawa hanggang pang apat na pagbubuntis
• May regular na check-up sa inyong Brgy. Health Center
• May angkop at tamang resulta ng mga laboratoryo
• Philhealth member and Non-Philhealth (with minimal fee) member

May Libreng bitamina simula sa pagbubuntis hanggang sa panganganak.

MGA IBA PANG SERBISYO :

• Prenatal Check up
• Post Natal Check up
• Newborn Screening
• Family Planning

Photo courtesy by Mayor Gemma Lubigan




## *Pagbati Mula kina:*



**Mayor Emmanuel Maliksi**
*Imus City, Cavite*



**Coun. Vince Amposta**
*Imus City, Cavite*



Mayor Jose Voltaire Ricafrente
*Rosario, Cavite*

**ROSARIO,**
**BAYANG TAHIMIK, MASAYA AT MAUNLAD**



## LET THERE BE LIGHT!

By
**ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA**
*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**PUTING KAHOY -** Ang Puting Kahoy ay nayon sa Silang kung saan may ganyang uri ng kahoy.

# Rice packs, ipinamahagi sa GMA, Cavite



Sa pangangasiwa ni Congresswoman Dahlia at Mayor Roy Loyola, naipagkaloob sa mga residente ng General Mariano Alvarez (GMA), Cavite ang ilang sakong rice packs nitong Martes, Hunyo 15.

Kabilang rin sa namahagi sina Silang Vice Mayor Aidel Belamide, Former Vice Mayor Percy Cabuhat, Councilor Estrelita "Inday" Manalang, TMAPPS Chief Glenn Fontanilla, SK Federation President Nathaniel Nuarin at Barangay Captain Frankie Alcantara, gayundin ang mga Sangguniang Bayan Members.

Nagpahatid naman ng pasasalamat ang mga residente at benepisyaryo ng inihandog na bigas sa kanilang kagawaran.

Samantala, napanatili naman ng lokal na pamahalaan ng lugar na masunod pa rin ang ipinapatupad na public health protocols sa lugar habang ipinagkakaloob ang tulong para sa kanilang mga kababayan.

# 'Health Heroes' ng Trece Martires, tumanggap ng insentibo matapos manguna sa 'chikiting ligtas' program



Ang mga heath workers ng lungsod ng Trece Martires ay nakatanggap ng insentibo noong Miyerkules (Hunyo 9) bilang gantimpala sa pangunguna sa Department of Health's Measles-Rubella Oral Polio Vaccine Supplemental Immunization Activity (MR OPV SIA) o Chikiting Ligtas.

125 mga manggagawa sa kalusugan, kabilang ang mga Barangay Health Workers (BHW) at Barangay Nutrition Scholar (BNS) ang binigyan ng P3,000 mula sa lokal na pamahalaan.

Naitala ng City Health Office ang 17,920 residente na nabakunahan laban sa polio at 15,146 indibidwal ang nabakunahan laban sa tigdas at rubella sa ilalim ng naturang programa.

Sa isang post sa Facebook, sinabi ni Mayor Gemma Buendia Lubigan na nararapat lamang bigyan ng insentibo ang mga manggagawa sa kalusugan bilang pagkilala sa kanilang mga sakripisyo at tulong.Photo courtesy Mayor Gemma Lubigan

# Nabakunahan sa lungsod ng Dasmariñas, nasa 38,848 na



Nasa 38,848 indibidwal mula sa lungsod ng Dasmarinas ang nabigyan ng bakuna kontra coronavirus disease (COVID-19), ayon kay Mayor Jenny Barzaga.

Sa pinakahuling anunsiyo ni Barzaga sa kaniyang opisyal na pahina, ibinahagi niya na lampas na sa 30,000 ang mga nabakunahan mula sa A1 hanggang A3 Priority Group ng kanilang lungsod.

25,440 dito ang nakatanggap na ng kanilang first dose habang nasa 13,408 naman ang nabakunahan na ng kanilang second dose.

"Hanggang ngayon, ang mga nasa A1, A2 at A3 priority groups pa rin ang prayoridad na mabakunahan sa ating Lungsod. Wala pa ring eksaktong iskedyul kung kailan maaari nang magpabakanuna ang mga susunod na priority groups dahil ito ay nakadepende pa sa vaccine allocation ng Department of Health," paliwanag ng alkalde.

"Sa imbentaryo noong June 01,nasa seven hundred forty doses ng Astrazeneca ang available para sa first dose at two thousand two hundred seventy-three doses naman sa Sinovac first dose ang on hand. Sa ngayon ito ang kasalukuyang bilang ng bakunang mayroon sa apat na vaccination sites," pagpapatuloy niya.

Samantala, patuloy na hinihikayat ni Barzaga ang mga kabilang sa A1 hanggang A3 priority groups na magparehistro para sa pagbabakuna.

## HUMANITY TRIVIA



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Tranquilizer - 1952
Silk - 2640 BC
Horseradish - Europe
Mustard - Europe, Asia
Kalabasa - arthritis

# Cayetano...

(from p. 1 )

resentative Luis Ferrer IV, General Trias Mayor Antonio Ferrer, Silang Mayor Socorro Rosario Poblete, Cavite City Mayor Totie Paredes, iba pang mga opisyal para alalayan si Cayetano sa aktibidad nito.

Maliban sa mga napiling Kabitenyo, nakatanggap din ng P10,000 ayuda ang 100 viewer-beneficiaries na nanood sa Facebook livestream.

Sa paglunsad nito noong Mayo 1, itinampok sa "Sampung Libong Pag-asa" ang mga kwento ng mga benepisyaryo na nagsabing ang halaga na kanilang natanggap ay nakatulong sa kanila na bumangon mula sa mga hirap na kanilang naranasan noong ang bansa ay inilagay sa community quarantine.

Tinatayang nasa humigit-kumulang 1,400 Pilipino na ang natulungan ng programang ito, at karamihan sa kanila ay



ginamit ang salapi upang makabangon muli ang kanilang mga negosyo.###

# Graduates ng TESDA sa Noveleta, pinagkalooban ng libreng kagamitan, financial assistance ni Mayor Chua







Pinagkalooban ni Mayor Dino Reyes-Chua ng libreng mga kagamitan at pinansyal na tulong ang mga gradutes ng TESDA Training for Welding, Auto Mechanic and Hotel Housekeeping sa bayan ng Noveleta.


Layon ng naturang pamamahagi na matulungan ang mga nakapagtapos ng training na makapagsimula sa kanilang kabuhayan.

Buko sa mga unang nabanggit, namahagi rin ng dagdag puhunan para sa mga ibinahaging Food Carts ang lokal na pamahalaan ng naturang bayan.

# EDITORIAL

Ang mga kalakal sa malalayong kanayunan ay nailuluwas matapos ang mahabang hirap gamit ang pasan at kabayo. Marami sa mga magsasaka ay hindi makapagtanim nang marami dahil ang mga kalsada ay hindi maayos.

Sa Amerika sa panahon ni Pres. Eisenhower ay ginawa ang maraming kalsadang naglagos sa maraming mga bukid. Ito ay nagbigay ng insentibo upang magtanim ang mga magsasaka. Ngayon ay maunlad na ang sakahan ng Amerika dahil sa mga lansangang nilikha sa panahong yaon.



ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

MAYOR ONY FERRER

# NCR Plus remain under GCQ...

(from p. 1 )

City, Kalinga, Mountain Province, Abra, Benguet (Cordillera Administration Region), Isabela, Nueva Vizcaya, Quirino (Cagayan Valley), Batangas, Quezon (Calabarzon), Iligan City (Northern Mindanao), Davao Del Norte (Davao, General Santos City, Sultan Kudarat, Sarangani, Cotabato, South Cotabato (Socccksargen), and Lanao del Sur, Cotabato City (Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao).

Meanwhile, Duterte approved the recommendation of the Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) to place nine cities and 12 provinces under the stricter modified enhanced community quarantine (MECQ).

These are Santiago City, Cagayan (Region 2), Apayao, Ifugao (CAR), Bataan (Central Luzon), Lucena City (Calabarzon), Puerto Princesa (Mimaropa), Naga City (Bicol), Iloilo City, Iloilo (Western Visayas), Negros Oriental (Central Visayas), Zamboanga City, Zamboanga Sibugay, Zamboanga del Sur, Zamboanga del Norte (Zamboanga Peninsula), Cagayan de Oro City (Northern Mindanao), Davao City (Davao Region), and Butuan City, Agusan del Sur, Dinagat Islands, Surigao Del Sur (Caraga).

The rest of the country will be under the modified general community quarantine.

Presidential Spokesperson Harry Roque, in the same meeting, said under MECQ, outdoor dining is allowed to have 50 percent capacity, but indoor dining can accommodate only up to 10 percent of the capacity.

Roque also said outdoor sports venues are allowed to have 50 percent capacity but contact sports, indoor sports venues, outdoor and indoor tourist attractions, libraries, museums, venues for meetings and conferences are not allowed to operate to prevent further transmission of Covid-19.

"Personal care like beauty salons and barber shops, nail spas are up to 30 percent capacity only," he added.

Under ordinary GCQ, he said the following are allowed to operate up to 50 percent capacity: indoor tourist attractions, indoor and outdoor sports venues, indoor and outdoor tourist attractions, libraries, museums, venues for meetings and conferences, and personal care services.

He said indoor dining is allowed to operate with 50 percent under ordinary GCQ but only 30 percent in GCQ areas with "heightened restrictions" like Cavite, Laguna, and Rizal.

He said religious gatherings under GCQ will remain up to 30 percent, but local government units can increase it up to 50 percent. (PNA)



# CAVITE HIGHLIGHTS

By: Yna Palparan Bautista

**Gen. Crispulo Aguinaldo was six years older than Gen. E. Aguinaldo. When Gen. Emilio was elected President in the Tejeros Convention, Crispulo replaced him at his post in Pasong Santol so Emilio could take his oath of office. The Spaniards had superior forces in the see-saw battle but finally Crispulo succumbed to the pressure and died as the hero of the Battle of Pasong Santol. A marker was built at the site to honor his heroism.**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
VOL.V NO. 29

# Philippine Scops Owl, naiturn-over sa DENR CALABARZON RWRC



*Turn over ng isang owl sa DENR CALABARZON RWRC noong 4 Hunyo 2021 na pinangunahan ni Dr. Neilsen Donato ng Born to be Wild at ni DENR CALABARZON RED Nilo B. Tamoria*

Calamba City, Laguna – Personal na ibinigay ang isang (1) Philippine Scops Owl (Otusmegalotis) ng Born To Be Wild, sa pangunguna ni Dr. Nielsen Donato, noong 4 Hunyo 2021 sa DENR CALABARZON Regional Wildlife Rescue Center (RWRC) saBrgy. Lamot, Calauan, Laguna. Ang nasabing ibon ay personal ding tinanggap ni DENR CALABARZON Regional Executive Director Nilo B. Tamoria.

Ang nasabing ibon ay naiturn-over ng malusog at walang sakit. Ang ibon na ito ay ibabalik muli sa natural nitong tirahan pagkatapos ng pagpupulong ng Disposition Committee ng Rehiyon. Ang ganitong klase ng ibon ay "endemic" o matatagpuan lamang sa Pilipinas.


Isa namang Asian Palm Civet (Paradoxurushermaphroditus) ang muling ituturn-over ng Born To Be Wild. Ang nasabing civet ay nagtamo ng ilang mga sugat at muling ibibigay sa RWRC pagkatapos nitong masuri sa Hayop Kalinga.

Ayon sa International Union for Conservation of Nature (IUCN), ang Philippine Scops Owl at ang Asian Palm Civet ay nasa kategorya ng "Least Concern". Ang mga species na nasa klasipikasyong ito ay ang mga hayop na hindi pa na haharap sa malapit na pagkaubos, ngunit kinakailangan pa rin bantayan at pangalagaan para maiwasan ang koleksyon, kalakal, at iba pang aktibidad na maaaring makaapekto sa kanilang populasyon.

Ayon kay DENR CALABARZON RED Tamoria, lahat ng buhay-ilang ay kinakailangang may kaukulang permit sa DENR. Ang pagiisyu ng permit ay kinakailangan upang maitala ang aktwal na bilang ng buhay-ilang na inaalagaan. Ito rin ay naglalayon na proteksyunan ang mga buhay-ilang mula sa maling pag-aalaga at para maproteskyunan ang populasyon ng buhay-ilang sa illegal na koleksyon at pagkaubos ng mga ito.

Ang kahit na sino na mahuhulihan ng illegal na koleksyon at pag-aari sa kahit anong buhay ilang na walang kaukulang permit ay maaaring kasuhan alinsunod sa RA 9247, o ang Wildlife Resources Conservation and Protection Act.

Hinihikayat ng DENR CALABARZON ang publiko na makiisa sa laban para sa ating kapaligiran. Para sa may mga sumbong ukol sa illegal na Gawain na may kaugnayan sa ating mga buhay ilang ay maaaring tumawag o magbigay ng mensahe sa 8888 hotline numero 09561825774/ 09198744369 at Trunkline No. (049) 540-DENR (3367) / (049) 554-9840 - 48 local - 121. Ang mga litrato, bidyo, at iba pang impormasyon ay maaari ring ipadala sa opisyal na Facebook page ng DENR CALABARZON: https://www.facebook.com/DENR4AOfficial/. ###




**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-611-15**

-versus-

**RUSSEL C. DELA CRUZ**
Mortgagor/s.
x------------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,** with business address at 12th Floor, JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City against the Mortgagor/s, **RUSSEL C. DELA CRUZ,** with residence and postal address at Lot 26, Block 11, Camachile Subdivision, Pasong Camachile, General Trias, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of **14 August 2015** amounts to **TWO HUNDRED THIRTEEN THOUSAND THREE HUNDRED FORTY FOUR PESOS AND 90/100 (P213,344.90),** Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will set at public auction on **August 26,2021** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-1167970**

A parcel of land (Lot 26 Blk. 11 of the cons.-subd. plan Pcs-04-016688, being a portion of Lot 1949 of San Francisco de Malabon Estate, RS-04-002555, L.R.C. Rec. No. 5964 ), situated in the Brgy. of Pasong Camachile, Mun. of Gen. Trias, Prov. of Cavite. Bounded on the NE., along line 1-2 by lot 25; on the SE., along line 2-3 by lot 24, on the SW., along line 3-4 by Alley 19; on the NW., along line 4-1 by lot 28, all of the subd. plan. Beginning at a pt. marked "1" on plan x x x containing an area of THIRTY SIX (36) SQ. METERS xxx

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **September 2, 2021** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, JUNE 15, 2021.

**(Sgd.) LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
12th Floor, JELP Business Solutions Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**RUSSEL C. DELA CRUZ**
Lot 26, Block 11, Camachile Subdivision
Pasong Camachile, General Trias, Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra Judicial on or before the date of sale

**HUMANITY NEWS**
**June 21, 28 & July 5, 2021**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-952-16**

-versus-

**SPOUSES JESSIE B. BENITEZ**
**AND JELYN R. BENITEZ**
Mortgagors.
x------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, with business address at 12th Floor, JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City against the Mortgagors, **SPOUSES JESSIE B. BENITEZ AND JELYN R. BENITEZ,** with residence and postal address at #22 CLAUDIO ST., PHASE 4-B, BAHAYANG PAG-ASA SUBDIVISION, IMUS, CAVITE, AND LOT 42, BLOCK 1, SUMMERFIELD SUBDIVISION, OSORIO, TRECE MARTIRES CITY, CAVITE to satisfy the mortgage indebtedness which as of **06 June 2016** amounts to **TWO HUNDRED TWENTY SEVEN THOUSAND FIVE HUNDRED THIRTY EIGHT PESOS AND 36/100 (P227,538.36)**, Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will set at public auction on **August 26,2021** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-92358**

A parcel of land (Lot 42 Blk. 1 of the cons.-subd. plan Pcs-04-023251, being a portion of the cons. of Lots 1-3, blk. 29; Lots 1-3, 5, 7 & 9, blk. 30; Lots 1-9, blk. 31; Lots 1-11, 13 & 15, blk. 32; lots 1-10, 12, 14 & 16, blk. 33; Lots 8, 10, 12 & 14, blk. 35; Lots 1-11, blk. 36 & Alley Lots 26-30 & 32, all of Pcs-04-012898, LRA Rec. No. ) , situated in the Brgy. of Osorio, City of Trece Martires, Is. of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 44, blk. 1 of the cons.-subd. plan; on the NE., along line 2-3-4 by Rd. Lot 4, Pcs-04-012898 (6.50 m.w.); on the SE., along line 4-5 by Lot 40; on the SW., along line 5-1 by Lot 43 both of blk. 1, both of the cons.-subd. plan. Beginning at a pt. marked "1" on plan x x x containing an area of THIRTY SIX (36) SQ. METERS xxx

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **September 2, 2021** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, JUNE 15, 2021.

**(Sgd.) LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
12th Floor, JELP Business Solutions Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**SPOUSES JESSIE B. BENITEZ**
**AND JELYN R. BENITEZ**
#22 CLAUDIO ST. PHASE 4-B BAHAYANG PAG-ASA SUBDIVISION, IMUS, CAVITE,
AND LOT 42, BLOCK 1, SUMMERFIELD SUBDIVISION, OSORIO, TRECE MARTIRES CITY, CAVITE

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra Judicial on or before the date of sale

**HUMANITY NEWS**
**June 21, 28 & July 5, 2021**

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**City of Bacoor**

**LANDBANK OF THE PHILIPPINES**
Mortgagee,

**Foreclosure No. 2021-14**
**For: Extra-judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage**

-versus-

**SPS. ROSE N. BAGUIO & DAVE RENATH R. BAGUIO,**
Mortagors.
x-------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE**

Upon Extra-judicial Petition for Sale under Act 3135 as Amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **LANDBANK OF THE PHILIPPINES,** of LANDBANK PLAZA, No. 1598 M.H, Del Pilar corner Dr. J. Quintos Streets, Malate, Manila, and against the mortgagors, **SPS. ROSE N. BAGUIO & DAVE RENATH R. BAGUIO**, of Unit D Jinky Amil Apartment, Celestino Subd., San Nicolas, Bacoor, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of January 15, 2021, amounts to **ONE MILLION TWO HUNDRED FOURTEEN THOUSAND TWO HUNDRED EIGHTY THREE PESOS & 37/100 (P1,214,283.37)**,Philippine Currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the undersigned or her duly authorized representative will sell at the public auction on **July 22, 2021 at 10:00 o'clock** in the morning or soon thereafter , at the main entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and In Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit;

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 167-2016030610**

"A PARCEL OF LAND (LOT 26 BLK. 14 OF THE CONS.-SUBD. PLAN, PCS-04-013826, BEING A PORTION OF THE CONS. OF LOTS 6, 8 & 12, (LRC) PCS-19478, AND LOTS 9-B, 9-C & 9-D, (LRC) PSD-229860, L.R.A. REC. NO. ), SITUATED IN THE BRGY. MOLINO, MUN. OF BACOOR, PROVINCE OF CAVITE. X X X, CONTAINING AN AREA OF THIRTY SIX (36) SQUARE METERS."

"All sealed bid must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **July 29, 2021,** without further notice."

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances, if any there be.

City of Bacoor, May 31, 2021.

**(Sgd.) LIZA D. VICTA**
Clerk of Court VI

By:

**(Sgd.) DEMETRIO T. VILLANUEVA, JR.**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**

**LANDBANK OF THE PHILIPPINES**
Asset Recovery Group
No. 1598 M.H, Del Pilar corner Dr. J. Quintos Streets, Malate, Manila

**Mr. & Mrs. ROSE N. BAGUIO & DAVE RENATH R. BAGUIO**
-Unit D Jinky Amil Apartment, Celestino Subd., San Nicolas, Bacoor, Cavite
-Lot 26, Blk. 14, Amatis Homes, Molino, Bacoor, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial Sale on or before the date of sale.

**HUMANITY NEWS**
**June 14, 21 & 28, 2021**

# 240 health workers sa Naic, nabakunahan na ng Aztrazeneca vaccine

Nasa 240 na healthcare workers na sa bayan ng Naic ang nabakunahan ng AstrzaZeneca vaccines sa naganap na pagbabakuna sa Amisa Medical Mission Hospital nitong Martes, Hunyo 8.

Patuloy namang hinihikayat ng lokal na pamahalaan ang mga residente sa kanilang bayan na magparehistro sa National Vaccination Program upang maprotektahan mula sa nakahahawang sakit.

Samantala, naitala ang 40 Aktibong kaso sa naturang lungsod habang 833 ang mga tuluyang gumaling at nasa 36 naman ang namatay dahil sa sakit.

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Bunga (Betel Nut) bilang halamang gamot





***Scientific name: Areca alba Rumph.; Areca catechu Linn.; Areca hortensis Lour.***
***Common name: Bunga (Tagalog); Areca Nut Palm, Betel Nut Palm (Ingles)***

Ang bunga o betel nut ay kilalang-kilala sa maraming lugar sa Pilipinas at sa mga karatig bansa dahil sa pagiging sangkap nito pagnguya ng moma o nganga. Ang puno nito na mala-niyog ang itsura ay tumutubo sa maraming lugar sa kapuluan ng Pilipinas at sa iba pang bansa na nasa rehiyong tropiko. Ito ay namumulaklak ng dilaw at namumunga ng mapula at bilugang bunga.

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Bunga (Betel Nut)?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang bunga ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang buto ng bunga ay may taglay na ilang uri ng alkaloid gaya ng arecaine, arecoline, arecaidine, arecolidine, guvacoline, guvacine, isoguvacine. Mayroon din itong tannin, red fat, resin, choline, at catechu

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Bunga.** Ang bunga at buto ng bunga ang pangunahing bahagi ng halaman na ginagamit bilang gamot. Maaari itong nguyain, pakuluan at inumin na parang tsaa, patuyuin at pulbusin, o kaya ay kuhanan ng langis.

**Dahon.** Ang dahon ay maaari ding gamitin sa paggagamot. Kadalasang itong dindikdik at hinahalo sa langis bago ipantapal as apektadong bahagi ng katawan.

**Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Bunga (Betel Nut)?**

1. **Bulate sa tiyan**. Ang pag-inom sa pinaglagaan ng bunga ng bunga ay epektibo sa pag-aalis ng bulate sa tiyan.
2. **Mabahong hininga.** Ginagamit ang pagnguya sa pinatuyong buto ng bunga upang maalis ang mabahong amoy sa hininga
3. **Pilay at naipit na ugat.** Maaaring ipantapal sa napilay at naipit na ugat ang dinikdik na dahon ng bunga na hinalo sa langis ng niyog.
4. **Paninilaw ng ngipin.** Ginagamit sa paninilaw ng ngipin ang pagnguya ng pinatuyong buto ng bunga.
5. **Pagsusugat.** Ang pinulbos na pinatuyong buto ng bunga ay hinahalo sa langis ng niyog at pinangtatapal sa mga sugat.
6. **Pananakit ng ulo.** Maaaring painumin ng katas ng bunga ang taong dumadanas ng pananakit ng ulo o migraine.
7. **Rayuma.** Ang katas ng buto ng bunga ay ginagamit din na pampahid sa bahagi ng katawan na apektado ng pananakit dahil sa rayuma.
8. **Pagdudugo sa gilagid.** Maaaring ipangmumog ang katas ng bunga na hinalo sa tubig upang maibsan ang pagdurugo ng mga gilagid.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.V NO. 29



*Nagsagawa ng pagpupulong ang mga alkalde sa lalawigan ng Cavite kasama si Governor Jonvic Remulla ngayong Martes.*

*Sa naturang pagpupulong ay pinag-usapan ang COVID-19 response ng lalawigan at kung paano pa mapaparami ang mabibigyan ng bakuna.*

*"Magandang araw po Alfonseños! Ngayong araw po ay dumalo tayo sa pagpupulong ng nagkakaisang Cavite upang mas mapaigting ang ating paglaban sa COVID-19. Maraming salamat po, Gov. Jonvic Remulla sa inyong walang sawang suporta upang maparami ang mabakunahan at maging protektado sa pandemyang kinakaharap natin ngayon," pagbabahagi ni Mayor Randy Salamat.*



# Pumping Station, bukas na sa Silang, Cavite

Sa pangangasiwa ng Prime Water Silang at Silang Water District, naisakatuparan ang pagpapasinaya sa Pumping Station sa dalawang barangay sa bayan ng Silang, Cavite nitong Lunes, Hunyo 14.

Kabilang sa mga barangay na ito ay ang Pinoy Village Barangay Sabutan at ang Sitio Apiad Barangay Bucal sa Silang, Cavite.

Layon ng istasyon na mabigyan ng tulong ang mga karatig barangay nito kagaya ng Brgy. Kaong, Pulong Bunga, at iba pang katabing lugar.

Ayon sa post ni Silang Municipal Mayor Corie Poblete, ilan lamang raw ito sa mga proyekto at insiyatibo ng Prime Water at Water District, katulong ang lokal na pamahalaan ng Silang.

"Magkaisa at magtulungan upang masolusyonan ang pangligo, pandilig ng ating mga plantito at plantita at panghugas ng plato ni Mars at Lods," ani Silang Mayor Poblete.






## DO YOU KNOW ?

*The liquid inside young coconut is substitute for blood plasma. The liquid inside a mature coconut is bad for the kidney.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**